**Abstract**

The world of Virlducea splits the north and south hemishphere in the equator by a long line of mountains. The north side where the city-state of Berano can be located is a place of seas and islands, while the city-state of Berano stood in the hot and humid flatlands of the south. Bangan, an engineer from Dag-om, meets the transporter Ikapati at the water desalination plant in the mountain equator and had their worldviews collide—and in the process, come to an understanding that there's more at stake than keeping the unequal relationship between the two city-states unchanged.

**Keywords**

Water desalination, automation, alternative energy, climate resilience, intergenerational equity

# VIRLDUCEA

**E. J. BETITA VILLENA**

KUNG SAKALING MAPADPAD ka rito, agad mong matutunghayan sa mundo ng Virlducea ang kakatwang panahon nito. Sa hilagang bahagi ng equator nito, palagi itong pinaliliguan ng maulan na panahon; at sa katimugang bahagi, pina-uuhaw naman ito ng mainit na panahon. At sa magkabilang gawi ng equator nakalugar ang dalawang estado-lungsod na pinaghiwalay di lamang ng kasalungat na panahon, kundi ng mga bulubunduking nakatindig sa kahabaan ng equator at nagmistulang gulugod ng naturang mundo, akmang lumitaw mula sa lupa—ang Lungsod Dag-om sa hilaga't ang Lungsod Berano sa timog.

Sa kahilagaan, karaniwan na'ng niyayakap ng mga bisig ng dagim ang kalangitan upang biyayaan ng ulan ang kapaligiran ng Lungsod Dag-om. Ngunit maraming pag-uugali ang ipinamamalas ng panahon sa mga tagarito, at sa paglipas natutuhan nila kung paano ito pakisamahan. Maraming mga araw at buwan na hindi tinatantanan na paliguan ng dagim ang mundong pinalilibutan ng naturang lungsod. Ito ang karaniwang pag-uugali ng panahon rito: mula medya hanggang mabigat ang ulan na inaasahan nila araw-araw at kinukulayan ng kulimlim ang rabaw ng kapaligiran. May

mga panahon namang gumagaan ang ugali nito, dahil nakasusumpong ang mga tagarito ng iilang araw—minsan, umabot ng isang linggo—ng mahinang ambon. Tuloy nakatitikim minsan ng pahinga ang pambalana mula sa ginaw at mamasa-masang pakiramdam upang tingalain ang langit nang hindi pinaluluha ang pisngi ng matambok na patak ng langit. At kung palarin na numipis ang dagim at mapunit ang tela ng kaulapan, isang maligayang milagro sa mga kabataan ang masilip ang matingkad na bughaw na papawirin. At bihira, ngunit laging pinaghahandaan ng Lungsod Dag-om ang pagsungit ng panahon: hatid nito ang isang unos, pinapagas nito ang karagatan at tuluyang umaapaw ang marahas na daluyong sa lungsod at namiminsala ng mga gusali't kabahayan at naniningil ng tao . . .

Kung aakalain mong sinasalamin ng makulimlim na kapaligiran ang kalooban ng mga nananahan dito, maaaring mali ka: para sa mga taga-Dag-om, ang mamulatan ang maulan na panahon ay isang karaniwang bahagi ng buhay—sabay na gumaganti ng biyaya at unos. Hindi kataka-taka ang ganitong pansanlibutang pananaw ng mga tagarito: kasangkot ang panahon, nayari ang heograpiya ng kahilagaan na tila isang mundong nilulunod ang magkakahiwalay na mga isla. Matutunghayan dito ang matataas na mga bukid at bundok at patag na lupa; ang pagitan nito pinalilibutan ng lawas ng karagatan. Sa mga gilid at libis at tuktok at sa patag na bahagi ng mga lupaing ito nakatindig ang mga gusaling tanggapan ng gobyerno, mga gusali ng industriya at komersiyo, at mga kabahayan pangresidente. At buhat sa inobasyon ng mga interstellar-migrants na ninuno ng Dag-om, naipatayo ang mga hydropower plant sa ibabaw ng katubigan; ito ang nagsu-supply ng elektrisidad na generated mula sa turbines na nakakabit sa ilalim ng planta't ipinaaandar ng malalakas na alon ng karagatan.

Kung gaano kasigla ang Dag-om sa industriya ng paggawa—tulad ng modular housing (buhat sa 3D printing technology), ng electric-powered na sasakyang panlipad (tulad ng hoverbike, vertical-flight vehicles, atbp.) at sasakyang pandagat (tulad ng submersible ships, atbp.)—at pagmimina ng mahalagang metal at mineral (buhat sa Bundok Gulugod sa equator), ay gayon din katumal ang industriya ng agrikultura rito. Ito'y dahil sa uri ng lupa na likas sa kahilagaan: mababato at matigas ang lupain, mabukid ang rabaw ng bawat isla at matayog ang dalisdis ng mga bundok nito. Sa ganitong kalagayan, namamalagi lamang ang mga kahalamanan at punong mainam dito—kadalasan mga lahing hindi nakakain at di-namumunga ng prutas. Ang kakulangang ito'y tinugunan naman ng indoor vertical farming sa mga modular na gusaling pinaglaanan rito.

Bukod pa rito, ang ekonomiya ng Dag-om ay pinupunan ng komersiyo ng consumer goods at barter trade sa Lungsod Berano, lalo na'ng pag-supply ng desalinated na tubig na lubhang may kakulangan sa huli.

Ang mga produktong ito at iba pa'y inilalako sa mga multi-level commercial building, tulad dito sa Distrito Isla Chavez. Sa itaas na susong palapag nito, mapapansin ang isang binibini sa kahabaan ng pasilyo at naliligaw ang tingin sa isang gawi na nakalantad sa hanay ng mga store-front ang inilalakong presas, kangkong, at iba pang gulay at prutas: mainam sa mata ang malikhaing pagsalansan ng mga ito sa mga basket sa counter at mga shelves sa likod nito, ang hugis-taong mga robot na nakatanod rito't tumatanggap ng mamimili, habang nasa isang tabi't nakatuon ang ilong ng may-ari sa holograph ng isang text document—na tila imaheng nakalutang—na pinroject ng hawak na gadget. Lahat ito dumapo sa mata ng napapararaang binibini, bagaman sa pangitain niya'y inaaninag ang patong-patong na salansanang higaan ng tanim—sa ibaba ng bawat salansanan ay may pailaw na OLED, regulated ng artificial intelligence na namamahala sa makinarya ang ilaw, temperatura't air humidity. Dito nakalubog ang ugat ng gulay sa telang yari sa recycled na plastic (na kahalili ng lupang pantanim na mailap dito sa hilaga), kubli sa ilalim nito ang lantad na mga ugat at pinauusukan ng mamasa-masang ulop na taglay ng nutrients at pinalulusog ang tanim. Habang lumutang ito sa isipan ng binibini, biglang may tumawag sa kanya.

"Bangan!" Tila pinutok nito ang bula ng kaniyang pangitain; napalinga siya sa pinanggalingan ng tawag. Sa dako ng tatlong store front mula sa elevator, napatuon si Bangan sa puwesto ng kaibigang androgyne na si Abunnawasa, negosyante ng presas at iba pang prutas. Mahinhin na lumapit si Bangan sa kaniyang puwesto; malugod na kinawayan ito ng kaibigan habang ang partner nitong si Juan, nasa isang tabi sa likod at abala sa pagre-repair ng software ng kanilang service robot. Saglit na kinumusta ni Juan si Bangan nang tumapat ito sa counter, habang pinaulanan siya ng usapan ng matalik na kaibigan.

Karamihan ng usapan nila'y pina-iinog ng mga puna ni Abun kay Bangan—lalo na sa sobrang kahinhinan nito, dahil mas ibig pa niyang ibabad sa panitikan ang isipan, kundi minsan sa pangangarap ng gising, kaya di tuloy ito mapalaran ng isang partner (ayon sa hatol ni Abunnawasa), kundi man mailakip sa lupon ng ugnayang polyamorous. Malaon sa usapan naitanong niya kay Bangan ang patungkol sa kalagayan ng trabaho nito bilang inhenyero sa kompanyang nago-operate ng water desalination plant sa Dag-om.

"May bagong assignment ako," ani Bangan. "Ipapadala kami sa Bundok Gulugod para sa routine maintenance inspection ng water pump facility doon."

Tumuloy sa pag-ikot ang usapan nila hanggang sa umabot ito sa pagkutya ni Anbunnawasa:

"Ikaw ha, baka umandar na naman 'yang sobrang pagkailap mo."

"Patawad na," si Bangan, "hayaan mo na pagka-introvert ko."

"Kasi naman, ako lang malapit mong kaibigan. Milagro na nga'ng kasundo mo 'tong si Juan. Pero kahit minsan, di mo ba makasundo mga katrabaho mo sa inyong division? Paano na lang kung maligaw ka?"

"Kilala kita, ayaw mo talagang humingi ng tulong sa kahit sinong estrangherong hindi niyari ang malay ng algorithm codes, kahit gipit ka na talaga. At lalo na pagdating sa direksiyon, isa ka pa namang malaking tanga. Kung sakaling ma-hack 'yang AI ng sasakyan mo, o ma-corrupt, naku, aywan na lang kung makakauwi ka pa. Tiyak, iiyak-iyak ka talagang hihingi ng saklolo sa'kin."

"Bukod sa lahat, kalungkot naman kung umiiwas kang makisama sa kapuwa mo, hindi ka uuswag n'yan."

"Sige lang, Abun. Alam mo namang mas payapa ako sa aking pag-iisa. Ayaw ko lang aksayahin ang panahon ko at ang panahon ng kung sinomang kapuwang iyan. Dahil matagalan, mapapagal lang siya nang dahil sa hindi mamalayang paglingat sa ugnayan namin. Mas mainam na panindigan ko na lang mga ugnayang mabibilang ko sa aking mga daliri. At sa akin, mas matiwasay ako sa iyo dahil alam kong hindi mo ako pababayaan."

Sa pahayag niyang ito bumakas ang ligaya sa mukha ni Abunnawasa, kaya tumugon siya: "Kasi naman, low-maintenance 'yung friendship natin, e!" Napahalakhak ang dalawa at malaon bumili ang binibini ng presas at namaalam siya kay Abunnawasa na tutuloy na ito.

Habang palabas siya ng gusali patungo sa kaniyang hover-vehicle, na nakalugar sa binubungang espasyo na inilaan sa sasakayang panlipad, naligaw muli ang tingin ni Bangan sa kahabaan ng karagatan. Tumawid ang tingin niya patungo sa Bundok Gulugod roon sa dulo ng abot-tanaw. Tinangka niyang harayain ang mundo sa kabilang equator, dahil mula noo'y hindi pa niya ito nalalakbay. Sa ilalim ng pangangarap, nagparamdam na parang malamlam na tala ang kalungkutan sa kanyang kalooban. Ang malamlam na tala ng lungkot, na bagaman matalik nang nananahan ng dalawang dekada sa kalawakan ng kanyang kalooban, ang tipong lungkot na ito'y natanto niyang hindi basta na lang mahihimok na umalab kapag

inilapit ito sa mundong umiikot sa matalik na ugnayan sa isang sinta. O sa mundong umiiral sa itinatag na sariling pamilya, isang paninindigan na maaaring bubuo ng anyo ng tiwasay kanino man. Ngunit malabo kay Bangan na ilapat ang sarili sa mga mundong ganito: hindi niya maaninaw rito ang tiyak na katiwasayang makatutugon sa tipo ng kaniyang lungkot, ang tala ng kalungkutang may panganib na kukuyumin nang dahan-dahan ang mga mundong hindi matapatan ang kakaibang balani nito . . .

Nakatulala pa rin siya sa Gulugod habang nakatapat sa kanyang hover-vehicle, hugis obalo na bahagyang nakahiga. Isa itong one-seater na sasakyan na may automated command system—sa halip na manibela—na siyang namamahala sa pagmamaneho rito matapos i-input ng pasahero ang patutunguha't ibang commands na saklaw sa algorithm ng resident AI nito. May hinipo siya sa frame ng windshield nito at umilaw ang munting kuwadrong lila sa pinaghipuan. Kusang umangat ang windshield na sakop ang ibabaw na bahagi ng sasakyan, at sumakay si Bangan sa loob ng maluwag na cockpit. Matapos i-input sa AI ang destinasyon, pagkalipad nito sa ere, gumuhit ang ulan ng mga larawang hawig ng Rorshach pattern sa likod ng windshield. Sa sandaling ito hiniga ni Bangan ang likod sa upuan, nakaduyan ang batok sa malambot na headrest, habang hinayaan niya ang tingin sa espasyo ng abot-tanaw sa likod ng salamin, bahagyang nakasilip sa Bundok Gulugod—at naisip niya: *Ano pa ba ang maihihigit pa ng aking buhay sa mundong ito?*

Dumako naman tayo sa katimugan, ang bahagi ng Virlducea na sa kasalukuyan ay matalik na kasiping ang tag-init. Sa unang panahon, ayon sa mga matatandang tagarito, may isang mahabang ilog na tumatawid mula sa kahabaan ng kinatitindigan ng Lungsod Berano patungo sa Bundok Gulugod sa equator. Sa unang panahon nagsimulang mag-migrate rito ang kanilang ninuno, at pinakinabangan nila ang tropikal na klima para itatag ang naturang lungsod. Gamit ang taglay na teknolohiya, nagawa nilang mangalap ng mga mahahalagang metal at iba pang materyales upang mayari ang mga gusali na nagsilbing tanggapan ng kanilang gobyerno, industriya ng paggawa (kabilang rito ang solar-cell na sasakyan), ng mga pangkalakalan, at mga tahanan ng mga taga-Berano.

Mahalaga sa unang panahong ito ang simula ng pagyari ng mga solar panel farms at wind-powered turbine farms upang maging batis ng elektrisidad para sa lungsod, na lubhang napakinabangan ng salinlahi sa huling mga araw—tulad ng pagyari ng mga solar-powered na sasakyan na unang ginamit para sa paglulan ng mina roon sa bulubundukin sa equator.

At sa pagtatag nito, naging kritikal ang nabanggit na ilog para sa pag-uswag ng Berano bilang batis ng irigasyon para sa agrikultura. Naging espasyo rin ito para sa mabilis na transportasyon, buhat sa barko (na ngayo'y wala na), ng mina at lulan ng barter trade sa Dag-om. Ngunit itong magandang panahon ay natuldukan makalipas ang isang siglo. Ayon sa records, sa hindi matukoy na paliwanag (at sapantaha ng ilan na kalikasan lang ito ng Virlducea) nagbago ang panahon at ang dating tropikal na klima sa gawi ng Lungsod Berano'y unti-unting napapawi ng tumitinding tag-init, na tumuloy hanggang sa naging tuyot ang kapaligiran rito.

Bagaman hindi nahulaan ng kanilang ninuno ang naturang suliranin, napakinabangan ng bagong lahi ng Berano ang teknolohiya at dunong ng mga ninuno, kaya natugunan ang pagbago ng klima. Umusad ang panahon, at natutuhan nilang pakisamahan ang maalab na ugali ng mainit na panahon: na halos pinipigilan nitong makapitan ng makapal na ulap ang matalas na bughaw na langit. Madalas medya hanggang matindi ang init, na tinitimbang naman ng kalamigan at masiglang ihip ng hangin pagsapit ng gabi. May mga panahon na gumagaan ang init na hatid ng panahon, kung kaya napaliligaya nito ang mga tagarito na makalanghap ng sariwang hanging di tulad ng hangin na mainit sa ilong sa karaniwang araw—kakaiba talaga ito sa regulated na air temperature ng kanilang mga gusali na idinisenyong may internal cooling system. Ngunit may mga pagkakataon minsan na nagliliyab ang ugali ng panahon—dahil malawak ang kapatagan dito at iilan ang mga bundok at bukid sa palibot, lalo sa Lungsod Berano, namumuo ang mga buhawi na namiminsala ng kanilang mga gusali, pati na rin ang namumuong heat wave na tumutubos ng mga buhay ng masiglang bata at matibay na matanda.

Sa pagbabago ng klima, naging mailap ang ulan sa katimugan. Kung kaya inasahang matutuyo malaon ang dakilang ilog, lalo na ito lamang ang batis na nagpapatubig sa kanilang taniman at sakahan at supply ng tubig para sa mga nananahan sa Berano. Nang tuluyang napawi ang ilog, ay doon rin nakapagtatag ng kalakal ang naturang lungsod sa kompanya ng water desalination plant sa Dag-om, para sa sariwang tubig kapalit ng mga produktong likas sa Berano, tulad ng pulang karne—mula sa baka, tupa, kambing atbp.—at mga palay ng trigo, bigas, mais, atbp. Dahil dependent sa import ng tubig ang lungsod, malaking halaga ang ipinapataw sa bunga ng food production sa Berano. Bagaman ganoon, genetically modified naman ang lahi ng mga palay at gulay na bumabagay sa klima ng katimugan. Kasinghalaga din ng palay ang GM na livestock, dahil kakompetensiya

nito sa water supply ang sakahan. Ngunit ito ang industriya na mabili sa Dag-om, kung kaya nakararaos naman ang mga tagarito. Para sa mga produktong ito, na bihira sa hilaga, napapalit ito ng Berano para din sa isda at ibang yamang-dagat na masagana sa mga karagatan roon.

Kung mapapansin, lubhang matimbang ang kalakal ng pagkain sa Berano dahil, bagaman may pamamaraan ito sa food production, mabigat na pasanin ang pagdepende sa supply ng tubig na monopolisado ng Dag-om sa ibayo ng Bundok Gulugod. Idagdag pa rito ang gastusin para sa pagtatawid ng water supply at iba pang produkto: ito'y dahil halos 3,973 kilometro ang layo ng kinatitirikan ng Berano mula sa Bundok Gulugod. Kaya para sa mga transporter tulad ni Ikapati, mahalaga ang kanilang trabaho upang maihatid ang mga produktong ito para sa ikabubuti ng kanilang lungsod.

Dalaga pa si Ikapati nang matutong mag-operate at mag-maintain ng sasakyang minamaneho ng AI; nanggaling siya sa pamilyang mga transporter at mekaniko na umabot pa sa unang panahon ng migrasyon ng mga ninuno sa katimugan. Sa kasalukuyan, isa siyang operator ng solar-cell powered na tanker truck, na naghahatid ng tubig mula sa bulubundukin tungo sa lungsod. Dahil karaniwan sa mga transporter na tulad niya ang laging lumayag at nabibilang ang nilalagi sa bawat tinitigilang lugar, likas kay Ikapati na hilutin ang lungkot sa pamamagitan ng pagiging palakaibigan sa kung sinong makasalamuha. Para siyang isang mundo na nababalani sa mga bituin, inaasam na'ng sinag nila ay bubuhay ng tag-araw sa kanyang mundong labis na inuulan ng lungkot—madalas nauuwi ang oras niya sa paglilibang kasama ang mga kaibigang maaasahan lamang sa aliwan. At madalas, marami siyang nakalalaguyo na taga-Berano at Dag-om, lalaki man, babae, androgyne, at iba pa—ngunit madalas hinahayaan niyang mauwi ito sa wala.

Tanto naman ito ni Ikapati, na likas sa trabaho niya na tawagin ng kaniyang employer para bumiyahe sa kung anomang oras at panahon—kaya madali sa kaniyang isuko ang sariling mundo sa kalawakan: sa bawat bituin na mangingibig at kaibigang nababalani, sa agos ng panahon hinayaan niyang malusaw ang puwersa ng balaning mapanatili ang ugnayan ng kaniyang mundo sa bawat isa. Malaon sa pagluwag ng kapit, mahihiwalay siya sa sinag ng bituing bumubuhay sa tag-araw ng kaniyang mundo, at ang mundo niya'y napapadpad sa kalawakan, kahawig ng mga kometa at asteroid na naliligaw sa kung saan sa kalawakan: hindi nababalani sa natatanging tala na gigiyahin ito ng orbit sa palibot

nito. Isang tiyak na orbit na magpapatiwasay sa mga mundo mula sa mapanglaw na kalawakan ng sansinukob, kung saan sa mga sulok nito nagkukubli ang nagkalat na mga blackhole at nanganganib ang kung anumang naliligaw na hilahin at lamunin nito . . .

Natuto naman siyang tanggaping ganito ang kapalaran sa buhay. Ngunit habang nadaragdagan ang kanyang edad, hindi maiwasan ng laman at loob niya ang hapdi ng pangungulila ng pag-iisa. Ang lungkot niya'y parang blackhole na ikinukuyom ng balani nito ang kaniyang kalooban. Tuloy naalala niya: *Kung nababagot ka, iwan mo'ng trabaho at magsama na tayo dito*, sabi ng huli niyang sinta bago nila tapusin ang ugnayan nang pinilit niyang bumiyahe. Pero tugon dito ni Ikapati, *Buong buhay ko, ang landas ng paglalakbay lang ang namulatan ko, dito nakaangkla ang pagkatao ko . . .*

At isang gabi, dito sa Babel Station—na nagsilbing espasyo para sa mga manlalakbay at mangangalakal sa pagitan ng Dag-om at Berano, at pinupunan ang pangangailangan nila mula sa tutuluyang hotel, kainan at libangan, pamilihan, atbp.—sa isang bahay-aliwan dito, kakatwang natagpuan ni Ikapati ang sarili na walang katabi sa bar counter habang umiinom ng alak. Sa bawat halik sa labi ng bote, napaglilimian niya ang mukha ng binibining taga-Dag-om na nakilala noong nakaraang mga araw. Hindi na mahalaga kung nagustuhan ba niya o nalibugan siya sa naturang babae, pero hindi maisapanitik ni Ikapati ang bighani sa kubling kagandahang taglay ng babaeng ito.

Tinutukoy niya sa Bangan: una niyang nasilayan ito sa dako ng water desalination plant sa ibabang bahagi ng Bundok Gulugod. Kasabay ng ibang mga transporter, inakyat nina Ikapati ang mga tanker truck doon sa pinaglulugaran ng mga water feed ng pumping station, para sa nai-schedule na refilling ng tubig. Nang ang truck ni Ikapati ang nakasalang, dahil matatagalan ito ng isang oras at higit pa, minabuti niyang mamasyal muna sa paligid ng planta. Pinadpad niya ang sarili sa loob ng gusali, hangad na marating doon ang roof deck upang masilayan ang abot-tanaw ng magkabilang panig ng Virlducea. Habang patungo siya roon, napansin ni Ikapati ang isang binibini na kanina pa nakasalubong; na paroo't parito sa mahahabang pasilyo ng gusali. Nahalata niyang naliligaw ito. Nang makasalubong ito sa ikatlong pagkakataon, tinawag ni Ikapati ang pansin ng binibini. Lumingon ito sa kaniya, nakapinid ang labi't tila mangiyak-ngiyak kung makatingin. Bumati siya habang lumalapit, at inalam kung naliligaw ba ito. Nahihiya pang tumugon ang babae, at pag-agos ng sandali, nakuha nitong magsalita.

“Kasi,” si Bangan, na malaong malalaman ito ni Ikapati mamaya, “hindi ko mahanap ang banyo, e. Kanina pa akong ihing-ihi, tapos nalilito ako sa mga direksiyong ibinibigay ng automated concierge rito.”

“Sinubukan mo bang humingi ng tulong sa mga taong staff dito?” si Ikapati. Umiling si Bangan, ayaw nang magsalita. Pulang-pula na ang kanyang pisngi. Parang walang muwang na paslit, isip ni Ikapati. Pigil siyang gumikgik at inalok na igiya siya para sa banyo. At malaon sa sasaluhang usapan, malalaman niyang bagaman inhenyero ito'y tanga naman sa dalumat ng direksiyon. Ngunit sa sandaling ito, matagumpay niyang naihatid sa banyo si Bangan na pinakiusapan na hintayin siya.

Paglabas sa banyo, napabuntonghininga ang binibini at tinanong siya ng transporter kung saan nais pumunta. Tumugon itong sa roof deck, at natuwang sinabi ni Ikapati na doon din siya patungo. Napagkasunduan ng dalawa na magsabay, at nang patungo na sila, kinausap ng transporter si Bangan, bagaman napansing matipid sa salita ang huli. Pagkarating sa roof deck, bumungad sa kanila ang mahinang alab ng abot-tanaw sa katimugan, ang karaniwang imahen ng takipsilim roon. Pinunan naman ang tanawing ito ng masiglang hangin na inaalon ang patag na espasyo rito, ang ihip na hinahawi ang katawan nila habang lumalakad sa lugar na ito. Nabuhol na ang kuwento ni Ikapati na sana'y tatali kay Bangan sa kanya, nang walang-anumang nilisan siya ng inhenyero na lumapit sa railing, akmang inaaninag ang maaabot ng tingin sa gawing timog.

Hinayaan ito ni Ikapati, at tumuloy sa hilagang dako. Pinuna niya ito, nabatid ang paglabo ng ere mula sa gawing malapit sa bulubundukin. At mula rito, palayo nang palayo'y nasasalinan ng kulimlim ang langit at palibot sa ibaba, lantad sa tingin ang dagim na patuloy ang pagbuhos ng ulan, sinusuklay ng marahas na hangin ang karagatan sa pagitan ng mga isla. At mula sa isang punto roon sa abot-tanaw, itinuon niya ang tingin at dahan-dahang ginapang ito pataas at tuluyang tiningala ang langit na kahanay ng kanyang kinatatayuan. Mamula-mula ang langit roon, dahan-dahang napapawi itong kulay lila ang espasyo sa pagitan ng mga ulap. At naalala niyang karaniwan dito sa equator ang pagsasama ng ulan at tag-init. Napalingon si Ikapati sa kanyang likuran, hinanap si Bangan na kanina pa tahimik. Nilapitan niya itong may bitbit na bagong mapag-uusapan.

Tumapat sa railing si Ikapati, tumabi ng ilang agwat mula sa kinatatayuan niya. Nang pumihit siya rito at itinangkang ibuka'ng bibig, napatikom ang transporter nang masilayan niya ang hitsura ni Bangan: ibinalangkas ang mukha niya ng malamlam na sinag ng takipsilim

habang nakatindig sa tapat ng railing at mainam na hinawakan ito, ang matang malawak at malalim ang tingin na mistulang nangangarap nang gising, mga labing nakaawang at napitagan sa tanawin at tila lumalayag ang malay nito sa mga mundong hindi masaklaw ng haraya ng hamak na manggagawang tulad niya, mga nilalang na kuntento sa mababaw na mundong naaabot lamang ng mga yapak. At sumagi ito sa isip ni Ikapati—*Hindi ba ito ang tipo ng nilalang na nanaisin mong malaman ang kalooban*? Kay kalinaw ng kanyang kalagayan, kusang napapaindak ng bighani ang loob ng transporter sa mapayapang imahen ng estrangherong ito na sapantaha niya'y may taglay na mundong kubli sa paningin, isang mundong maaaring hitik ng mga hiyas na di pa niya natutuklasan sa tanang buhay . . . Higit sa kisapmata ang lumipas, at napabuntonghininga si Bangan. Sa sandaling ito, minabuti ni Ikapati na agawin ang kaniyang pansin.

Pinunan ni Ikapati ang agwat sa kaniya habang sinubukang makipagkuwentuhan. Sa puntong ito, nahimok naman si Bangan. Matapos magpakilala bilang beteranong transporter na madalas paroo't parito mula sa Lungsod Berano, sa ginanting kuwento niya nakilala ni Ikapati ito at nalaman ang pakay dito bilang inhenyero sa planta. Bilang bahagi ng engineering team na ipinadala ng kompanya, layunin nitong magsagawa ng araw-araw na inspeksiyon at pagmimintina sa kaayusan sa water-pumping facility ng planta; kasabay dito ang pagtse-check sa mga utility robot at automated systems na pawang namamahala sa karaniwang trabaho sa pagpapatakbo at pangangalaga ng planta. Sa daloy ng kanilang usapan, nabanggit niya kay Bangan ang kakatwang kalagayan ng panahon dito, sa dako ng Bundok Gulugod, at sinang-ayunan ito ni Ikapati.

“Sa totoo lang,” si Bangan, “unang beses pa lang ako nakarating sa Bundok Gulugod, pero pansin ko agad ang tila savannah na klima dito.” Kasi, makaraan ng isang linggo, nakaranas ito ng katamtamang ulan, na ipinalagay kong hindi mangyayari sa mga dako rito.

“Matalas ang pandama mo,” si Ikapati, “ako, matagal na akong pabalik-balik sa Gulugod, pero ngayon ko lang napansin ’to. Pagpasensiyahan mo na'ng aking pagiging hamak na transporter.” Binuntutan niya ito ng halakhak.

Tinugunan ito ni Bangan, “Huwag kang mag-isip ng ganyan. Lahat naman tayo'y pare-parehong matatalino, ngunit hindi pantay ang bilis ng pagkatuto ng bawat isa.” Matapos ito, itinangka ni Ikapati na kuwentuhan siya ng katatawanan. At sa malugod na daloy ng usapan, kapuwa nilang di namalayan ang paglilim ng paligid at pagsindi ng mga poste ng ilaw sa

roof deck. Malaon, nang abutan ng katahimikan ang usapan, may udyok sa loob ni Ikapati at akma niyang sinabihan si Bangan,

"Kanina, noong nakatulala ka sa malayo. Ano 'yung nasa isip mo?"

Napasilip ang inhenyero sa kaniya, bahagyang nahiya sa tanong. Nang mapuna ito, sinubukan niyang bawiin ang salita, ngunit nagpahayag ang kausap na sasagutin ang tanong.

"Naisip ko lang," si Bangan, "kung gaano kahirap para sa Berano ang umasa sa pag-aangkat ng tubig na masagana naman dito sa hilaga. At napaglimian ko, habang itinuri ko ang tingin mula sa lungsod doon pabalik dito sa lupaing malapit dito, halata namang semi-tropical ang lugar ng Gulugod. Ngunit tingnan mo," itinuro niya ang gawi ng Babel Station patungo sa paanan ng bulubundukin na entrada ng mga minahan, "ang mga lupain dito, hindi ginamit pangsaka, mainam naman ito para sa agrikultura. Dahil regular naman ang pagbisita ng ulan at katamtamang init rito. Maaari namang magpakonekta ng water-feed mula sa planta patungo sa mga lupaing iyon para sa irigasyon, kung may grupo ng magsasaka sa timog ang mag-alok ng ganitong proposal."

Sa huling salaysay, napansin dito ni Ikapati na tila may nalingat na panig sa kaniyang diskurso. Magsasalita sana siya, pero nasapawan ang kanyang isipan nang magpatuloy ang inhenyero, "Hindi ba naisip ng liderato ng inyong lungsod na ilipat ang Berano malapit dito sa Gulugod? Mas cost-effective kung gayon. Dahil hindi mahihirapan ang food production, lalo na ang livestock: kita mo namang sagana sa mga damuhan rito para sa pastulan ng baka at iba pang hayop. At lalago ang komersiyo para sa bawat lungsod dahil mabilis na ang travel time ng paglulan ng mga produkto, hindi na kailangan ng mga transporter—"

"Sandali," si Ikapati, inangat ang palad habang kumikirot ang dibdib at siningit ang kaniyang salaysay. "Sandali lang. Patawad, pero payagan mo 'kong tugunan 'yung unang mong sabi. Sa totoo lang, wala talagang nangahas na mag-propose ng sinasabi mo. Kasi noon pa, 'yang kompanya mo, hindi papayag na maglaan ng extension ng water feed padako ng timog. Kahit na magtayo ng sariling water-pumping station ang Berano sa Gulugod, hinaharangan ito ng kompanya mo dahil ito'y pagsuway sa nakasaad sa trade agreement sa pagitan ng lungsod namin sa Dag-om.

"At sa bawat proposal na gawin ng hanay namin, maraming idinadahilan ang kompanya na kontra rito. Kaya napapansin naming malayo sa interes ng kompanya ang tulungan kami. Wala kaming magawa, labis na nangangailangan kami at umiiwas sa panganib na maantala ang

paglulan ng tubig tungo sa amin. At sana mamalayan mong kahit di ito ibukambibig, ay halata naman sa bawat tao ng timog at hilaga: mahigpit ang kapit ng kompanya mo sa monopolyo sa water distribution." Biglang naputol ng ubo ang salaysay niya, at hinilot ni Ikapati ang dibdib habang bumakas sa mukha ni Bangan ang kalituhan at bagabag. Ilang kisapmata nagpatuloy ang transporter,

"Tungkol sa proposal na ilipat ang lungsod dito, medyo mahirap itong mangyari. Kasi naroon ang pinag-uugatan ng kasaysayan ng Berano. Tanging ang kinatatayuan nito ang kinikilalang tahanan ng aming lungsod. Kahit na mahirap ang pagkain at tubig roon, payapa naman kami dahil ito ang nagbibigay-buhay sa aming pagkatao. Marami na itong pinagdaanan, maraming mga alaala at pangarap ang nilikha dito ng mga taga-Berano, matagal na'ng matalik na ugnayan namin sa panahon ng katimugan."

"Parang puno na hinukay mo sa lupa ang Berano pag nilipat ito. Ang pagputol ng ugat nito na malalim nang nakabaon sa lupang tinatahanan, ay tila paglapastangan sa kasaysayan at diwa ng Berano. Sa lahat ng pangarap at pinagsikapan noon ng ninuno namin nang simula itong maitatag . . ."

Napalalim ang paghinga ni Ikapati sa huling salaysay, bagaman pinanatili niya ang titig sa mata ng kausap na ang mukha'y nabanyuhay mula bagabag tungo sa madamdam na paglilimi. Pumihit ang inhenyero sa dako ng langit na inabutan na ng gabi. Kasiping niya ang transporter na nabawi ang pagkahapo sa pagsasalita, at tahimik na nakatanaw sa malayo. Malayang umagos ang mga sandali, at hinayaan ng bawat isa na suklayin ng hangin ang buhok sa ulo at tela ng kasuotan, binayaan na kagatin ng ginaw ng gabi ang balat ng kanilang mga katawan. Malaon, nagsabi si Ikapati na pumanaog na sila, at umayon si Bangan . . .

Ilang araw na ang nakaraan noong huling makita ni Ikapati ang kakatwang inhenyero. At ngayon, dito sa isang bahay-aliwan sa Babel Station, idinuyan ng transporter sa isipan ang munting alaalang ito. Pinupuksa niya ang kung anumang alab na ipinadama nito sa kanyang loob, umiiwas na masindihan ang lampara ng pag-asa na makita siya muli. Ayaw niyang umasa dahil malawak at malalim ang balani na sinusundan ng orbit ng bituin ni Bangan—palagay niya'y di niya ito matugunan at masabayan, batayan ng kabiguan.

Matagal na sandali ang dumaan habang pasan niya ang alinlangang ito. At matapos ihiwalay ang labi sa bote, nilingon niya ang entrada ng bar nang bumuka ito, at nabigla siya nang mahuli ang mukha ni Bangan matapos iwang sarado ang pinto sa likuran. Sa pagitan ng mga patron

na nakapuwesto sa mga mesa sa maluwag na silid, nakatuon ang mata ni Ikapati sa anyo ni Bangan na napalinga-linga sa kinatatayuan at balisang may hinahanap. Ilang kisapmata, natagpuan nito ang tingin ni Ikapati at bahagyang napangiti si Bangan, kumaway ito at humakbang papunta sa kinalalagyan ng transporter.

"Naparito ka?" si Ikapati nang umupo ang inhenyero sa stool katabi niya.

"Hinanap kita," tugon niya, nakabakas lamang ang kalinaw sa mukha.

Pinagsaluhan nila ang inumin at pulutan, hinihimok ang palitan ng tipo ng usapan na nagpapadulas sa dila at lalamunan, nagpapaluwag ng labing pinalapot ng nakikiramdam na loob. Malaon, hinawakan ni Bangan ang hibla ng kuwentuhan at hinatak ang atensiyon ni Ikapati. Tinanong niya ang transporter kung malay ba ito sa uri ng sasakyan na tren, at kung may records ba patungkol rito sa archives ng Berano. Nang masabing wala ito sa archives na nalalaman niya, tumugon si Bangan, "May naalala kasi ako noon, 'yung mga disenyo para sa train system na naungkat ko habang nagre-research para sa thesis ko sa kolehiyo. Naging impraktikal ang disenyong ito sa heyograpiya ng Dag-om, kahit na gamitin ito sa ilalim ng dagat—kaya nalibing na lang ito sa archives. Napagdugtong ko 'to dito, at pansin kong nababagay ang ganitong transport system sa kapatagan ng timog. Naisip ko rin, malulusutan nito ang mga ipinagbabawal sa trade agreements. Mabuti siguro para sa Berano ang transit system gamit ang magnetic-levitation na tren."

Ipinaliwanag ng engineer ang kanyang proposal. Para matugunan ang problema sa transportasyon, sa halip na mga sasakyang de-gulong, mas mainam na magtatag ng magnetic na riles na magdudugtong sa Berano at Babel Station. Dahil sa transit system na ito, maaaring mapadali ang paglulan ng tubig at ibang produkto sa mas maikling panahon. At maaaring gawan ng Berano ng satellite city ang bawat interval sa kahabaan ng riles para sa istasyon ng tren, at para maitaguyod ang paglalapit ng ninunong siyudad sa Babel Station at sa Bundok Gulugod. Maibubukas ang lungsod sa posibilidad ng mas magandang bunga sa food production, lalo na kung may satellite city ang Berano na malapit sa gawi ng Gulugod para sa pagsasaka at pastulan. Bagaman proposal pa lang ito, hitik ito sa posibilidad na malaking maitutulong nito sa Berano at mapauunlad ang buhay ng mamamayan nito.

Sa ilalim ng lahat ng kanyang inihayag, naaninaw rito ni Ikapati ang sinag ng bituin ni Bangan na hindi mahawig ng ibang bituing kaniyang nakasalamuha, mababaw ang tanglaw ng iba kumpara sa kaniya. Bagaman

kutob lang ito, malaon sa hinaharap, sa patuloy na pakikipag-ugnayan nila sa larangan ng pulitika at ekonomiya, hindi pa niya maisapanitik sa panahong ito na malawak at malalim ang orbit na sinusundan ni Bangan. Hindi magkatugma ang hinahangad niya sa pinapangarap ng kakatwang inhenyerong ito.

"Matanong lang," si Ikapati, matapos maipaliwanag ng kausap ang proposal. "Maganda nga sa pandinig lahat ng ito, totoong makakabuti sa Berano. Pero anong pakinabang mo rito?"

"Sa madaling salita, bakit mo ito gagawin?"

Napatigil si Bangan, napapinid ang labi at napasilip sa latak sa ilalim ng ininumang baso. Ilang sandali, napalingon siya, napatitig sa transporter ngunit ang mata'y natuon sa kung anumang pangarap, at sabi, "Sa ngayon, di ko pa masabi kung bakit ko ito gagawin."

"Basta't may udyok sa loob ko at kusang sumibol ito sa aking isip. At 'yung sabi mo no'ng huli tayong nag-usap, ang sentimyento mo nang tumugon ka sa aking puna at palagay, marahil bahagi 'yan ng udyok na ito. At siyempre, pinaglimian ko rin ito nang mabuti. Nagkasundo naman ang utak at puso ko tungkol dito, kaya paninindigan kong gawan ito ng paraan. Pagsisikapin na mangyari ang pangarap na ito . . ."

Matalik na pinagmasdan ni Ikapati si Bangan, isang munting binibini na—dahil sa tag-araw na taglay ng edad niya—hindi malay ang balani ng hamon na kanyang haharapin. Kumakatha siya ng mga pangarap na sa makitid niyang pananaw, di niya matapatan dahil tulad ng kaniyang ugnayan sa kapuwa ay ganoon rin kababaw ang kaniyang haraya na sana'y ginamit para sa ikabubuti ng lungsod na nagsilbing duyan ng kanilang pagiging at pagkatao. Bukod sa lahat, maisapanitik man niya ito o hindi, tanto ni Ikapati na wala ni isang uri ng balani ng kahit anong mundo, o blackhole, ang titinag sa orbit na sinusundan ng bituin ni Bangan: dahil malayo at malawak ang hangad nitong marating.

"Kung gano'n," si Ikapati, "ano'ng susunod mong hakbang? Alam mo na, para matupad 'yang binabalak mo." Bahagya siyang napangiti, bumalik ang kahinhinan sa mukha habang nagsabi, "Heto ako't nagyayabang ng mabibigat na proposal, pero wala talaga akong ideya kung saan magsisimula. Laking problema ko nga kung paano ako makikipag-ugnay sa liderato ng Berano, tapos tanga pa ako sa pakikipag-usap sa kapuwa . . ."

Kanina pa ito, pero nadarama ni Ikapati ito bago tumugma ang bagay na ito sa kaniyang isipan. Na kahit hindi matutugunan ng bituin ni Bangan na buhayin ang tag-araw ng kaniyang mundo, maaari naman niyang ialok

ang sarili sa kanya, na tulungan siya at pagaanin kahit bahagya ang landas na susundan niyang orbit patungo sa pinapangarap. Kusang pupunan niya ang kakulangan ni Bangan sa lahat ng kanyang makakaya, kahit hindi niya aasahang may pakikinabangan sa ugnayang ito. Basta ang mahalaga, ang mundo niya'y sisikaping mapabilang sa orbit ng isang solar system, hindi na naliligaw nang mag-isa sa kalawakan ng sansinukob . . .

"Payo ko lang," sabi ni Ikapati, kumiling kay Bangan at pinatunog ang tinig na pampanatag ng loob. "Dahil may kilala ako na may koneksiyon sa isang opisyal sa Berano. Baka matulungan ka nito na mag set-up ng meeting para mai-present ang proposal mo . . ."

Sa sandaling ito, hindi pa sila mulat na simula na pala ito ng matagal na samahan.

Lumipas ang kalahating siglo, at bagaman mabagal, unti-unti nang nagbabago ang mga mundo sa magkabilang panig ng Virlducea. Kung matagal na bago ka nakabisita rito, maaaring pansin agad ang kaunlarang nakamit ng katimugang mundo ng Berano.

Makikita ang ganap na magnetic na riles na nagdugtong sa Lungsod Berano patungo sa Babel Station sa Bundok Gulugod. Tulad ng inaasahan, pinagaan at pinabilis nito ang paglulan ng tubig at ibang produkto na nagdulot sa pagbaba ng production cost ng pagkain, at lalong tumataas ang bunga ng produksiyon. Bagaman nalilimitahan ng mainit na panahon ang food production, nagawa sa nakalipas na mga taon na suportahan ng Berano ang lumalagong populasyon. Nahimok nito ang pagtatag ng mga satellite city sa bawat interval ng riles na tinakdaan ng estasyon; nagdulot ito ng sigla sa paglalakbay ng mga mamamayan, at pag-unlad ng kalakalan ng Berano at palitan ng kultura, dunong, at teknolohiya mula sa Dag-om buhat sa Babel Station. Mahalaga rin ang pakinabang ng transit system para mahikayat ang mga magsasaka na tumungo at i-convert ang mga lupaing sakop sa Bundok Gulugod para sa agrikultura at pastulan, isang malaking ambag para sa produksiyon ng pagkain. At lahat ito, kasama ng pagsisikap ng bawat mamamayan, ay napasimulan ng inhenyerong si Bangan na taga-Dag-om: ang siyang utak ng proposal at nagdisenyo ng itinatag na transit system. At kasangga niya sa larangang ito ang transporter na si Bangan, na nagsilbi na kanyang tagapamagitan, tagapagsalita, at human relations manager.

Kahit sabihing mabilis ang katuparan ng pangarap na ito, hindi madali ang pinagdaanan nina Bangan at Ikapati habang ibinabahagi ang naturang proposal. Mula sa paghimok sa mga opisyal at konseho ng Berano, pati na

rin sa pintas ng mga korporasyon sa Dag-om—lalo na iyung may interes sa water distribution—sa magkabilang panig nakaharap sila ng hamon, ng pagharang, at oposisyon. Maraming idinahilan ang konseho ng Berano, ang cost ng kasangkapan at human at automated labor na mapupunta sa long-term na proyekto para sa transit system; na bagaman pinanindigan ni Bangan ang taglay na benepisyo nito para sa mamamayan, hindi agad sila makumbinsi. Kabilang sa alinlangan na ito ang pagiging taga-Dag-om ng inhenyero, kaya hindi madaling makamit ang tiwala ng gobyerno ng Berano para sa proyekto. Matagal bago mahimok ang mga matatanda sa konseho para maglev-train transit system, at sa layon na ito namagitan si Ikapati sa bawat opisyal upang maisalin ang pananaw ng proyekto na pinapangarap ng kaibigan.

At ngayon, matatagpuan muli ang kakatwang inhenyero sa roof deck ng water desalination plant kung saan unang naharaya niya ang pinangarap para sa Berano. Malilim ang paligid, at magaan ang ihip ng hangin. Doon sa abot-tanaw sumisilip na ang sinag ng liwayway. Mistulang gumugunita siya sa kinatatayuan katapat ng handrail, habang nakatindig malapit dito si Ikapati, na bagaman masigla pa rin ang kalusugan dahil sa regenerative medicine, may kinang ng katandaan ang mapapansin sa mga mata nito. Narito sila ngayon sa planta para sa meeting sa pagitan ng representative ng kompanyang nagmamay-ari nito, at ng mga opisyal ng gobyerno ng Dag-om. Mamaya, ihahayag ni Bangan ang kanyang proposal na joint-project sa pagitan ng dalawang estado-lungsod, para sa konstruksiyon ng water-pumping station sa dako ng timog, at extension ng water-feed sa kahabaan ng timog tungo sa Berano.

Sa proposal na ito, maraming oposisyon ang aasahan ni Bangan. Bagaman marami siyang punto sa kaniyang proposal para i-bargain sa negosasyon at approval ng project—tulad ng mga probisyon na papabor sa kalakalan ng Dag-om kapalit ng pagbago sa mga restriction na nakasaaad sa trade agreement sa pagitan ng dalawang lungsod—sa ilalim ng lahat ng ito, nakabatay ang layuning ito sa kanyang paninindigan: nararapat na hindi ipagkait ang tubig sa mga taong walang access dito. Bukod pa rito, may pinapangarap din siyang nais maisalin sa mga opisyal mamaya: ang layon na magalugad ang kanluran at silangang bahagi ng Virlducea na noon pa'y hindi pa nararating ng tao.

"Bangan," si Ikapati, hinipo ang balikat ng inhenyero at inalam ang kalagayan. Napabuntonghininga siya, at nagpatuloy na tumitig sa pagbubukas ng liwayway sa malayo. Itinuon lamang ng transporter

ang pansin sa kanya; hindi pa rin kumukupas ang bighaning umiindak sa kanyang loob habang nasa presensiya nito. Matagal na panahon ang nagdaan, at hanggang ngayon, matalik na kaibigan lang ang naaaninaw niya sa mga mata ni Bangan. At sa sandaling ito, sa inaasta ng kakatwang inhenyero, naalala niya ang naging usapan nila noon at nakuha niyang ibalik ang tanong na ito: "Anong iniisip mo?"

Hindi lumingon si Bangan, ngunit halatang dinig niya ito. Pinanatili niya ang tanaw sa kalawakan ng katimugan, mga malalim na matang nangangarap ng mga haraya na inaasahan ni Ikapati na matutupad sa totoong buhay. "Iniisip ko," si Bangan, "'yung tanong mo sa akin noon. 'Bakit ko ito gagawin?' Matagal ko nang pinagninilayan ito, ang nakaraan ng aking buhay, ngunit ngayon ko lang namalayang may kakulangan sa buhay ko na tinatangka kong punan ito. Pero ngayon, masasabi kong nangangarap ako para matugunan kung ano pa ang maihihigit ng buhay ko. Alam kong mas higit pa sa buhay ang makaranas ng pagmamahal sa sinta, ng pagbuhay ng pamilya, ang pag-angat sa karera, ang tumanda nang matiwasay. Pero hindi ako mabalani sa mga bagay na ito. Hinahanap ng loob ko kung ano pang mas malalim na layunin na magagampanan ko sa buhay."

"Sa mga sandaling pinag-iisipan ko ito, laging nahihila ako sa gawi sa kalawakan ng abot-tanaw. At dito sa ibabaw ng Gulugod, nabigyan ako ng pagkakataon na lubusang pagmasdan ang imahen ng Berano at Dag-om—at naisip ko, itong mga lungsod, nagsilbing mga monumento ng lahat ng pinagsikapan ng ating mga ninuno, simula nang maglakbay sila mula sa malayong mundo at mag-migrate dito sa Virlducea."

"Oo nga," si Ikapati. "Migrante pala 'yung mga ninuno natin. Laki ng pakinabang ng iniwan nilang dunong, agham, at teknolohiya sa atin. Kahit wala na sila, tayong huling lahi ang nagpapatuloy ng kanilang nasimulan."

"Sa tagal ng panahon ng kakatanaw ko sa mga imahen nila," si Bangan, "hindi ko mapigilang iharaya ang nakaraan nito, ang mga pinagdaanan ng mga ninuno para mamalagi't matugunan ang pag-uugali ng panahon ng Virlducea. Ano kaya ang pinagdaanan ng mga ninuno noon, anong hirap at pagsisikap ang ginawa nila para maitatag ang Dag-om, kahit na kinatitindigan nito'ng mga isla na pinalilibutan ng karagatan? At gano'n din sa Berano, may dunong ang mga ninuno n'yo para paghandaan ang pagtuyo ng ilog na sana'y pipilay sa mga mamamayan."

"Mula sa haraya ko para sa mga lungsod, nahihinuha ko ang palagay na marahil ang lahat ng inobasyon ng ating mga ninuno, nilaan nila para sa

kapakanan ng susunod na salinlahi. At batayan ito para maging matuwid tayong tagapangasiwa nito. At tulad nila, ang lahi natin ngayo'y di dapat malumpo ang paggunita sa kinabukasan. Tulad nila, dapat paunlarin natin lahat ng sinimulan ng mga ninuno, humaraya ng mga inobasyon at itaguyod ang landas ng kaunlaran."

"Tulad ng mga ninuno, sana pagsikapan ng kasalukuyang lahi natin na mapanatili ang lahat ng naipundar ngayon. Dahil lahat ito ay hindi lang para sa ating sarili, kundi para rin maihanda nang maayos ang kinabukasan ng lahing susunod sa atin . . ."

Napatahimik si Bangan sa huling salaysay, ngunit bago lumaho, sinalo ni Ikapati ang bawat pangungusap na binitawan ng labi nito. Napahinga ang dating transporter, napapanatag ang loob at napapawi ang lungkot at kabiguan sa pansariling-asam, habang sinasaluhan ang kaibigan sa pangangarap nito. Matagal na silang nagsasama, ngunit nanatiling propesyonal ang kanilang ugnayan. Matalik na kaibigan, hanggang doon lang—bagaman inihayag na ni Ikapati noon pa sa inhenyero ang tunay na pagtingin rito. Maliwanag naman sa isa't isa na hanggang ngayon, malayo pa sa isipan ni Bangan ang ganitong mga bagay, abalang tinutugunan ang layunin sa buhay. Matagal na niyang tanggap ito, ngunit ayaw niyang payagang kainin ng pagsisisi at kapaitan ng kabiguan ang kanyang loob. Sapat na kay Ikapati na ang mundo niya'y umambag ng balaning magpapanatili sa orbit ng bituin ng inhenyero, upang patuloy nitong magampanan ang layunin sa mundo. Kahit na hindi gantihan ng liwanag ng bituin ng kaibigan na inaasam ni Ikapati na bubuhay sa tag-araw ng kanyang mundo.

Ganap nang lumantad ang liwayway sa kalayuan ng abot-tanaw. Nagsisimula nang uminit ang paligid at huminga ang hangin nang malalim habang pinaliliguan ng liwanag ang espasyo ng roof deck. Nanatiling nakatulala si Bangan sa malayo, ang mukha niyang inilawan ng liwayway, at sa mata ng transporter nagmistula siyang maningning na bituin sa napakadilim na sansinukob.

At tulad ng nakagawian, laging nasa tabi nito si Ikapati para ibalik ito mula sa alapaap ng pangarap. Nariyan siya para ipaalala muli sa inhenyero na itapak muli ang yapak sa lupa, at dito pagsikapang isakatuparan ang pangako ng pangarap.

"Halina," sabi niya kay Bangan, "marami pa tayong dapat gawin."

(*Para kay Virlyn Magdadaro*)